# KARAGDAGANG KITA PANG-SEGURIDAD O SUPPLEMENTAL SECURITY INCOME (SSI)
# MGA KARAPATAN AT MGA RESPONSIBILIDAD

## ANG IYONG MGA KARAPATAN

**May karapatan ka na:**

- Mag-apply para sa mga benepisyo nang walang bayad.
- Humingi ng tulong mula sa Social Security upang mapunuan ang mga dokumento para sa aplikasyon at makakuha ng mga dokumentong iyong kinakailangan.
- Magkaroon ng tutulong sa iyo para sa iyong SSI claim, at masamahan ka ng taong iyon kapag binisita mo ang Social Security Administration (SSA).
- Magkaroon ng abogado o iba pang kwalipikadong tao na pinili mo upang kumatawan sa iyo.
- Hilingin na makita ang impormasyon na nasa iyong mga talaan o records.
- Makakuha ng isang sulat na magsasabi sa iyo kung ano ang aming napagpasyahan ukol sa mga benepisyong maaari mong makuha, at kung ano o magkano ang ibabayad namin sa iyo.
- Mag-apila sa karamihan ng mga pagpasya na ginawa ng SSA tungkol sa kung makakakuha ka ng SSI, o ang halaga ng SSI, kung hindi ka sang-ayon sa aming mga pagpapasya.
- Mapakinabangan ang tulong ng isang tagasalin-bigkas o interpreter, nang walang bayad, kung hindi sapat ang iyong galing sa pagsasalita ng Ingles upang makipag-ugnayan sa amin sa linggwaheng iyon.
- Makatanggap ng tulong sa SSA para makuha ang iyong talaang medikal o medical records.

## ANG IYONG MGA RESPONSIBILIDAD

**Obligado kang ipagbigay-alam sa amin kapag:**

- Lumipat ka o nabago ang address ng iyong tirahan..
- Mayroong nadagdag na kasambahay sa iyong kabahayan, o may umalis mula dito.
- Nagbago ang halaga ng iyong kita.
- Nagbago ang iyong mga kagamitan o ang iyong mga ari-arian.
- Nakatanggap ka ng tulong sa iyong panggastos o nakatanggap ng kita mula sa mga kaibigan o kamag-anakan.
- Namatay ang iyong asawa o sinuman sa iyong mga kasambahay.
- Ikaw ay ikinasal, nakipag-hiwalay sa asawa, o nakipag-dibursyo.
- Binago mo ang iyong pangalan.
- Naging kwalipikado ka upang makatanggap ng iba pang mga benepisyo at/o kabayaran.
- Pumasok ka o umalis mula sa isang institisyon (tulad ng isang ospital, nursing home o kulungan)
- Umalis ka ng Estados Unidos o bumalik sa Estados Unidos.
- Ikaw ay isang sinusuportahang mandarayuhan (sponsored immigrant) at nagbago ang kita ng iyong sponsor o ng sumusuporta sa iyo.
- Gumanda ang iyong kalagayan, kung ikaw ay nakakuha ng SSI dahil sa isang kapansanan o pagkabulag.
- Hindi mo maaaring maipagpatuloy na mapuntahan ang iyong (mga) takdang pagpunta sa aming (mga) opisina.

SSI Rights and Responsibilities
Social Security Administration
April, 2002
(Tagalog)

## MGA PAALALA

- Kapag hindi mo na kayang pangasiwaan ang iyong mga pondo, kailangan mong ipagbigay-alam ito sa Social Security.

- Ang SSA ay maghahandog sa iyo ng serbisyo ng isang tagasalin-bigkas o interpreter nang walang bayad kapag iyog hiniling, upang isagawa ang iyong mga pakikipag-ugnayan sa Social Security. Mangyari lang pong tawagan muna kami upang maaari kang matulungan ng isang tao na nagsasalita ng iyong linggwahe.

- Ikaw at ang iyong kinatawan ay kailangang magbigay ng wasto at hustong impormasyon sa Social Security. Isang pagkakamali ang pagbibigay ng maling impormasyon nang sadya at may kamalayan.

- Kailangan mong ipagbigay-alam sa SSA ang lahat ng iyong pinagkuhaan ng medical na paggamot kapag nag-apply ka base sa kapansanan.

- Sa pangkalahatan, mayroon kang animnapung (60) araw upang ipagbigay-alam sa SSA kung gusto mong i-apila ang isang pagpapasya na hindi mo sinasang-ayunan.

- Kapag ikaw ay mamatay, dapat ipagbigay-alam ito sa SSA ng iyong kapamilya o kaibigan.

**Paunawa:** Ang handout na ito ay nagbibigay ng isang pangkalahatang paglalarawan ng iyong mga karapatan at responsibilidad sa SSI. Ang impormasyon na nilalaman nito ay hindi naglalayong saklawin ang lahat ng mga bahagi ng batas. Para sa partikular na impormasyon ukol sa iyong sitwasyon, makipag-ugnayan sa Social Security.

## PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

Mangyari lang pong bisitahin ang o sumulat sa isang opisina ng Social Security, o tawagan ang aming toll-free number na **1-800-772-1213.** Maaari kang makipag-usap sa aming kinatawan sa pagitan ng mga oras ng alas-siyete ng umaga (7 a.m.) at alas-siyete ng gabi (7 p.m.). Sa iyong bawat pagtawag, ihanda ang iyong Social Security number.

Ang naka-record na impormasyon at mga serbisyo ay maaaring makuha anumang oras sa lahat ng araw, kabilang ang Sabado, Linggo at mga piyesta opisyal.

Kung mayroon kang TTY machine, maaari mong tawagan ang aming toll-free TTY number, **1-800-325-0778**, sa pagitan ng alas-siyete ng umaga (7 a.m.) at alas-siyete ng gabi (7 p.m.) sa mga araw ng trabaho.

Ginagawa naming kumpidensyal ang lahat ng mga tawag—maging ito'y isinagawa sa aming mga toll-free na numero, o sa isa sa aming mga lokal na opisina. Gusto din naming siguraduhin na makakatanggap kayo ng wasto at magalang na serbisyo. Kung kaya't mayroon kaming pangalawang kinatawan ng Social Security upang manmanan ang mga papasok at palabas na mga tawag sa telepono.

Maaari ninyo ding bisitahin ang aming website na nasa **Internet:** http://www.ssa.gov/ **and** http://www.ssa.gov/multilanguage**,** para sa iba pang mga paksa ukol sa SSI o Social Security.